

# - Paraan para sa pag-enrol sa mga Hiroshima Municipal Schools -

Maari ninyong ipa-enrol ang inyong anak sa Hiroshima Municipal Elementary o Junior High School, kung saan makakatanggap sila ng edukasyong katulad ng mga mag-aaral na Hapon, mula sa unang araw ng Abril, matapos ang ika-anim na taong kaarawan ng inyong anak hanggang sa ika-labinlimang taong gulang.

Sa Hiroshima Municipal Elementary at Junior High Schools, ang mga klase at aklat ay libre.

Kung wala kayong balak na ipasok ang inyong anak sa mga non-municipal schools, mainam na ipasok ninyo ang mga ito sa alinman sa mga municipal schools ng Hiroshima, upang mabigyang daan ang kanilang pagsisikap at sa gayon ay maipatupad ang kanilang mga pangarap.

Maaring isagawa ang pag-enrol sa Gakujika (Departamento ng Edukasyon na Nangangasiwa sa Bagay na may Kaugnayan sa Paaralan), Sangay ng Edukasyon, Lumgsod ng Hiroshima, sa mga nakatalagang tanggapan sa bawat bahagi (ward office) ng siyudad o distrito at sa tagapag-ugnayang opisina (liaison office).

- Base sa kinikita ng inyong pamilya, maaring tumulong o magbigay ng financial assistance ang siyudad ng Hiroshima upang sagutin ang mga bagay tulad ng school meals at school supplies na kinakailangan para sa pag-aaral, sa mga tahanang nahihirapang ipasok ang kanilang mga anak sanhi ng kakulangan sa pera. (Tingnan ang karagdagang impormasyon sa likod)
- Maaring magpadala ng Japanese tutor sa paaralan para sa mga mag-aaral na nangangailangan ng karagdagang pagtuturo sa wikang Hapon o Japanese language fundamentals.
- Kung balak ninyong ipasok ang inyong anak sa antas o grado na mas mababa sa age group nito sanhi ng kahirapan sa lingwahe, tawagan ang Gakujika (Departamento ng Edukasyon na Nangangasiwa sa Bagay na may Kaugnayan sa Paaralan), Sangay ng Edukasyon, Lumgsod ng Hiroshima sa 082-504-2469 bago ang umpisa ng enrolment procedures.

Kung kayo ay may karagdagang katanungan ukol sa school enrollment, tawagan ang Gakujika (Departamento ng Edukasyon na Nangangasiwa sa Bagay na may Kaugnayan sa Paaralan), Sangay ng Edukasyon, Lumgsod ng Hiroshima sa 082-504-2469.

May guidebook para sa publiko ukol sa umpisa ng pag-aaral na nakasalin sa wikang Koreano, Vietnamese, Intsek, Espanyol, Pilipino, Ingles at Portuguese sa website ng Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology.

[http://www.mext.go.jp/a\\_menu/shotou/clarinet/003/001.htm#a09](http://www.mext.go.jp/a_menu/shotou/clarinet/003/001.htm#a09)

(フィリピン語)

## Paunawa tungkol sa sistema ng suporta para sa papasok sa paaralan

Ang lungsod ng Hiroshima ay handang tumulong sa mga magulang/tagapangalaga sa mga gastusing pang-edukasyon kagaya ng school supplies, gastusin para sa pananghalian at iba pa mula elementarya hanggang pang-gitnang mataaas na paaralan (junior high school) kung ang taunang kita ay mas mababa sa sumusunod:

(Ang bilang ng salapi na nakasulat ay base sa taong 2012. Ito ay tinantyang kita at hindi eksakto sa bawat tahanan dahil sa pagkakaiba ng katayuan gaya ng edad at iba pang kadahilanan)

Bilang ng pamilya	Dalawang katao	Tatlong katao	Apat na katao	Limang katao	Anim na katao o pataas
Ang kabuuan ng salaping nakalista ay base sa kita sa loob ng isang taon. (Kabuuang Taunang kita )	Mga 2.34 milyon yen (mga 3.6 milyon yen)	Mga 2.97 milyon yen (mga 4.39 milyon yen)	Mga 3.41 milyon yen (mga 4.95 milyon yen)	Mga 3.73 milyon yen (mga 5.34 milyon yen)	Mga 4.50 milyon pataas

(paunawa) Ano ang kita sa loob ng isang taon?

- Ito ay ang natirang kita pagkatapos iawas ang buwis sa pangkahalatang sahod para sa kawani ng kompanya
- Ito ang natirang kita ng negosyante o mangangalakal pagkatapos iawas ang mga ginugol na salapi (kapital) na ginamit sa kalakal sa loob ng isang taon.

Ang tinatayang suporta para sa mga karapat-dapat na tulongan

(1) Gastusin para sa mga kailangan sa paaralan at iba pa (halaga para sa kasalukuyang taon)

Grade 1 12,610 yen	Grade 2-6 14,780 yen
1st year junior hayskul 23,880 yen	2nd year at Third Year hayskul 26,050 yen

(2) Gastusin para sa kailangan sa pag-aaral at iba pa para sa bagong mag-aaral (halaga para sa kasalukuyang taon)

Grade 1 19,900 yen	1st year sa junior hayskul 22,900 yen
--------------------	---------------------------------------

(3) Gastusin para sa pananghalian sa paaralan (4) gastusin para sa paglalakbay (5) gastusin para sa mga gawaing panlabas at (6) gastusing medikal at gastusin ukol sa panggagamot

Para sa mga magulang o tagapangalaga na nasa “welfare” o sinusuportahan ng local na pamahalaan, ang suporta ay limitado sa gastusin para sa ekskursyon o paglalakbay at gastusing pangmedikal lamang.

Ang pormal na proseso ay magsisimula pagkatapos pumasok ang bata sa paaralan. Kung hindi ganap na naintindihan ang bagay na ito o may katanungan, komunsulta sa Gakujika, Sangay ng Edukasyon (504-2469).